“Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos." (Mateo 5:9)

* * *

Ang kasalanan at kasinungalingan ay hadlang sa tunay na kapayapaan.

Bagama't ang katuwiran at katotohanan ay mga marangal kasamahan ng kapayapaan, kaya naman ang kasalanan at kasinungalingan ay matinding mga balakid nito. Sinabi ni propetang Jeremias, *"Ang puso ay mandaraya kaysa lahat ng bagay, at lubhang napakasama; sinong makakaunawa nito?"* (Jer. 17:9). Sinabi ni Jesus, *"Sapagat mula sa loob, mula sa puso ng tao, lumalabas ang masasamang pag-iisip, pakikiapid, pagnanakaw, pagpaslang, ang pangangalunya, kasakiman, kasamaan, pandaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, kapalaluan, at kahangalan. Ang lahat ng masasamang bagay na ito ay sa loob nagmumula at nakapagpaparumi sa tao"* (Marcos 7:21-23).

Ang mga taong may makasalanang puso ang lumilikha ng makasalanang lipunan na tumututol sa tunay na kapayapaan. Tumbalik naman, maraming nagsasalita tungkol sa kapayapaan ay magbabayad ng malaking halaga ng salapi upang makapanood ng dalawang lalaking nagsusuntukan sa ruweda ng boksing! Ang mga bayani ng ating lipunan ay mukhang mga dominante, naghahari-harian, tigasin. Ang mga babaeng bayani naman ay may maalab na kalayaan at nangunguna sa mga martsa at naghahanap ng sigalot. Tinuturuan tayo ng mga sikolohista na tumindig daw sa ating mga karapatan at kunin ang lahat makakaya nating mapasa-atin. Iyan ay nagdudulot ng mga sigalutan at kalalagayan na tuloy itatanggi ng mga tao ang kapayapaan ng mabuting balita.

Bukod pa riyan, ang di nananalig na sanlibutan ay di kailanman nangungunsinti ng mga tagapagpayapa ng Diyos. Si Cristo mismo ay sinalubong ng marahas na pagtutol. Ang mga nagpaparatang sa Kanya ay nagsabi na, "Ginugulo Niya ang sambayanan" (Lukas 23:5). Ang pangangaral ni Pablo ay karaniwan ding lumilikha ng sigalot. Maraming panahon ang kanyang nagugol sa pagiging isang bihag o pagkakulong sa maruruming kulungan ng Roma. May isang pagkakataon na inilarawan Siya ng Kanyang mga kaaway na, *"… mapanligalig at mapag-udyok ng kaguluhan sa lahat ng mga Judio sa buong daigdig"* (Mga Gawa 24:5).

Lahat ng nagbabahagi ng mabuting balita ay sa katapusan tiyak ding makakatagpo ng pagsalungat dahil nabulag ng kasalanan at kasinungalingan ang puso ng mga tao sa tunay na kapayapaan. Kaya't binalaan tayo ni Pablo na ang lahat ng ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay daranas ng pag-uusig (2 Tim. 3:12). Maiiwasan ninyo ang sigalutan kapag nanatiling kayong tahimik tungkol sa Panginoon, ngunit ang isang tapat na mapagpayapa ay handang magsalita ng katotohanan sa kabila ng kahihinatnan nito. Maging totoo nawa iyan sa inyo.

* * *

Mga Suhestiyon para Ipanalangin: Pasalamatan ang Diyos dahil kay Cristo, na iyang kasagutan sa suliranin ng sanlibutan sa kasalanan at kasinungalinan. * Tularan ang halimbawa ni Pablo sa pamamagitan ng pananalangin para sa katapangang maibahagi ang katotohan ng Diyos sa bawa pagkakataon (Efeso 6:19).

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Basahin ang Mateo 10:16-25, pansinin ang uri ng pagtanggap na dapat asahan ng mga alagad mula sa mga di mananampalataya.